THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

# TALIBA

#547 AUGUST 16-31, 2025 ISSUE FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

## Maligayang pagdating sa bansa mga kababayan

# Mabuhay! Welcome sa Canada



*Nasa larawan si Jia Kim, 4, suot ang isang headband na may maple leaves habang dumalo ng Canada Day festivities kasama ang kanyang mga magulang, sa Vancouver nitong taon 2025*

**Ang mga bagong imigrante sa Canada nahaharap sa ilang mahalagang pagbabago**, at sa maraming pagkakataon, kulang sila ng kinakailangang impormasyon upang suportahan ang kanilang integration.

Paano gumagana ang credit system? Kaunting tao ang nakakaalam nito kapag sila ay dumating sa bansa, ngunit kung walang credit history, paano sila makakautang, magkakaroon ng sasakyan o uupa ng bahay at marami pang iba?

Pumalo sa $124 bilyon ang balanse ng mga bayarin sa credit cards sa Canada at tumataas ang delinquency rates kahit pa bumabagsak ang buwanan na average sa paggasta gamit ang card sa huling kwarter ng 2024, ayon sa TransUnion

Ang Canada ay may dalawang opisyal na wika: Pranses at Ingles. Kung hindi ka bihasa sa isa sa mga ito, mahirap makisalamuha sa lipunan nang matagumpay, magkaroon ng access sa kinakailangang impormasyon, at mahirap din, sa ibang pagkakataon imposible, na makakita ng trabaho. Ito ay nagiging mapanghamon — marahil imposible — na i-navigate ang mga serbisyo ng gobyerno at marami pang ibang aspeto ng pang-araw-araw na pamumuhay.

Hindi palaging well-informed ang mga newcomer tungkol sa legal assistance na available sa kanila. Ngunit ang ganitong suporta ay mahalaga. Maraming imigrante, lalo na ang mga mababa ang kinikita, kailangan maintindihan at i-exercise ang kanilang mga karapatan. Kung wala ito, paano nila maiiwasan ang posibleng mga negatibong consequences kaugnay ng kanilang residency status, work permit at marami pang iba? ***RCI***

***Abangan ang aming ulat tungkol sa legal assistance na available sa mga newcomer.***

# GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

Deal directly with the Licensed Debt Professionals™ at David Sklar & Associates

We are licensed by the Canadian government to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a 'fresh start'

- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans



Cori Naron,
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

For Your Free Consultation
Call (416) 498-9200 ext. 236

DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# 5% sinisingil sa contractor – Lacson ‘Mga cong kumakabig sa proyekto’



Senador Panfilo “Ping” Lacson

**PILIPINAS** - Nadiskubre ni Senador Panfilo “Ping” Lacson ang bagong modus operandi na kinasasangkutan ng mga kongresistang may construction business na maaaring nakadagdag sa overpricing at substandard na paggawa ng flood control at ibang infrastructure projects.

Ang bagong modus, ani Lacson, ay tinatawag na “passing through” scheme, kung saan puwersadong magbayad ang contractor ng 5% hanggang 6% ng project cost kapag gagawa ng proyekto sa distrito kung saan contractor ang mambabatas o kamag-anak niya.

“Halimbawa ang hari sa distrito ay ang congressman na at the same time contractor o kamag-anak na contractor. ‘Pag may contractor na papasok doon, magbabayad ng 5% passing through, parang toll. Bawas na kaagad ‘yan sa cost ng proyekto. Alam na alam sa Department of Public Works and Highways ito,” paliwanag ni Lacson.

Sa kanilang pagsasaliksik, sinabi ni Lacson na kapag pinagsama-sama ang mga passing-through fees, komisyon, buwis at iba pang sinusuhulan ng contractor, umaabot na sa 40% ang mababawas na pera sa proyektong hindi pa nagagawa.

“Saan kukunin ng contractor kundi mag-substandard or shortcut niya? Shortchanged niya ang gobyerno,” wika ni Lacson.

Isa umano sa ginagawang diskarte ng contractor para makatipid sa materyales ay ang tinatawag na “sheet piles” kung saan sa flood control project, imbes na ibaon ng 150 metro ay ginagawang 50 metro lamang.

“Gigiba ang dike kasi kulang ang baon kasi tinitipid ang materyales ‘di nakikita ‘yan kasi nakabaon,” ani Lacson.

Isa pang halimbawa ay ang paglalagay ng buhangin imbes na graba sa pundasyon ng dike.

“‘Pag bumagyo at overflow ang river ang daling gibain noon kasi mahina ang hold ng foundation, walang graba,” ani Lacson.

Dahil sa binayad na passing-through fee, ang kinikita lamang ng contractor ay 10% imbes na 15% ng halaga ng proyekto.

Ulat ***Abante News***


APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# 350 nurses, health-care aides nakuha ng Manitoba recruitment mission sa Pilipinas



***Health Minister Audrey Gordon nagsalita tungkol sa health-care recruitment mission sa Pilipinas sa isang news conference*.**

Halos 350 trained health-care workers mula sa Pilipinas ang inalok ng letters of intent matapos ang recruitment mission sa bansa noong nakaraang buwan, sinabi ng health minister ng Manitoba.

Ibinalita ni Audrey Gordon na ang mga sulat ay ibinigay sa halos 190 registered nurses, 50 katao ay katumbas ng licensed practical nurses at 110 health-care aides sa loob ng limang araw na pagbisita ng probinsya sa Maynila, Cebu City at Iloilo mula Pebrero 21 hanggang 25.

Hinigitan nito ang aming layunin at expectations, at umaasa ako na i-welcome ang health-care professionals na iyon sa health system dito sa Manitoba.

Ayon sa human resource professionals ang mahigit 400 na aplikante na na-prescreen upang siguraduhin na mayroon silang bachelor's degree sa nursing at minimum na dalawang taon na karanasan sa acute care ng matatanda, ani Ken Borce, chief ng clinical operations sa Cancer Care Manitoba, na bahagi ng recruitment mission.

Pinaboran ang mga tao na naabot na ang English language requirements.

Habang mag-iiba ng kaunti ang journey ng bawat isa, ang aming suporta at mainit na pagtanggap ay hindi, ani Borce.

Sinabi ni Advanced Education Minister Jon Reyes, anak ng isang imigrante mula sa Pilipinas noong 1968, na isang karangalan ang makilala ang maraming masigasig na taong umaasa na makapagtrabaho sa Manitoba.

"***Nagbigay ito sa akin ng labis na pride at kagalakan na makita ang marami sa ating compatriots, kababayans, na sinasabi namin sa wikang Filipino, na nagbiyahe ng walong oras o limang oras matapos ang night shift para lang pumunta sa interbyu***," sinabi niya sa news conference. ***RCI***


"The Travel Partner You Can Trust!" tico.ca

**Polaris Travel & Tours**

Polaris Travel & Tours

Contact us for LOW AIRFARES to the Phillipines

T. 416.224.9919 • 1.800.680.3849



Conveniently Located in Centerpoint Mall

6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles

# Marcos prayoridad edukasyon sa huling 3 taon ng termino



Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr

Pangunahing prayoridad ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. ang edukasyon sa huling bahagi ng kanyang termino upang magarantiya ang kinabukasan ng mga manggagawang Pilipino.

Sinabi ng Pangulo na sa edukasyon masusukat ang tagumpay ng kanyang administrasyon kaya sisikapin niyang matupad ang ipinangako sa kanyang State of the Nation Address (SONA) na sa bawat pamilya ay may makatapos sa kolehiyo o mula sa technical-vocational school.

Wala aniyang mangyayari sa bansa kung hindi magkakaroon ng dekalidad na edukasyon at training ang mga Pilipino.

"Education for me will be the gauge of success of this administration. 'Pag nagawa natin ito, successful 'yun. 'Pag hindi maganda ang training hindi maganda ang edukasyon ng mga Pilipino, hindi naman sila makakapag-compete in the labor market," anang Pangulo.

Kumpiyansa si Pangulong Marcos Jr. na matutupad ito bago matapos ang kanyang termino kaya pinapahusay na aniya ang sektor ng edukasyon upang maihanda ang mga susunod na henerasyon para sa mas maunlad na kinabukasan at makasabay sa iba pang labor force sa buong mundo. Abante News

## Paalala ni Romualdez: Mga miyembro ng Supreme Court, impeachable din!



House Speaker Martin Romualdez




***May paalala si House Speaker Martin Romualdez sa Supreme Court (SC) kasabay ng pagpapasa ng Kamara ng motion for reconsideration sa desisyon ng korte sa articles of impeachment ni Vice President Sara Duterte.***

Sa video na inilabas ng House of Representatives nitong Lunes, Agosto 4, 2025, ipinaliwanag ni Romualdez ang pagpapasa nila ng mosyon hinggil sa naturang desisyon ng SC.

"We filed this Motion for Reconsideration not to provoke, but to protect... Because if impeachments can be blocked by misunderstood facts or rules made after the fact, then accountability is not upheld—it is denied," ani Romualdez.

Dagdag pa niya, "To dissent is not to defy. To demand accountability is not to destabilize."

Kaugnay nito, tila may paalala pa si Romualdez sa SC kung hindi raw nito gagawin nang maayos ang sinasabi ng batas.

"The Supreme Court is a co-equal branch of government. Its wisdom is deep. Its authority is real. But its members like the President and the Vice President are also impeachable officers," aniya.

Matatandaang ayon sa nasabing desisyon ng Korte Suprema, nilabag umano ng ikaapat na impeachment complaint ang one year rule at due process sa proseso ng isang impeachment.

"The SC has ruled that the House impeachment complaint versus VP Sara Duterte is barred by the one-year rule and that due process or fairness applies in all stages of the impeachment process," saad ng nasabing desisyon. ***eBALITA***

# 10 Filipino Canadian libro na dapat basahin

***Buong buwan, kinikilala ng Canada ang halos isang milyong Pilipino sa buong bansa at ang kanilang diverse na mga karanasan sa pamumuhay sa loob ng diaspora.***

***Ang CBC Books pinagsama-sama sa isang listahan ang mga libro na isinulat ng Filipino Canadian writers upang basahin ngayong buwan and beyond.***




***Living Expenses** ni Teri Vlassopoulos.*

Ang Living Expenses ay istorya ng magkapatid na sina Laura at Claire, ang anak ng isang single mother na nag-migrate mula sa Pilipinas. Si Teri Vlassopoulos ang may-akda ng short story collection na Bats or Swallows, na nanomina para sa Danuta Gleed Literary Award, at ng nobelang Escape Plans.

***One Box ni Andi Vicente** iginuhit ni Allan Matudio*

Ang One Box ay isang counting picture book tungkol sa migranteng manggagawa na nagpadala ng isang kahon ng mga regalo at suplay, kilala rin bilang Balikbayan box, sa kanyang pamilya sa Pilipinas. Si Andi Vicente ay isang manunulat at visual artist mula sa Montreal. Si Allan Matudio naman ay isang artist na ipinanganak sa Montreal na may mga Pilipinong magulang.







***Celestina's House** ni Clarissa Trinidad Gonzalez.*

Sa Celestina's House, si Celestina ay desperadong makaalis mula sa bahay ng kanyang pamilya pagkatapos gawing unbearable ng isang nakakagulat na kataksilan ang atmosphere sa kanyang tahanan. Si Clarissa Trinidad Gonzalez ay isang Pilipinang manunulat na nakabase sa Toronto.

***Mallory and the Trouble with Twins ni Arley Nopra.***

Si Mallory ay confident sa kanyang babysitting skills — siya lang naman ang nag-alaga sa kanyang pitong kapatid sa loob ng maraming taon. Pero noong nag-umpisa na alagaan ang kambal na Arnold, sina Marilyn at Carolyn, na-realize niya na sila ay magiging problema. Si Arley Nopra ay isang Filipino comic creator na nakatira sa Toronto.







***The Story of Us** ni Catherine Hernandez.*

The Story of Us ay kuwento ni Mary Grace Concepcion, isang manggagawang Pilipino na iniwan ang pamilya upang makapagtaguyod ng bagong buhay sa Canada. Si Catherine Hernandez ay isang Canadian writer, author at playwright.

# 10 Filipino Canadian libro na dapat basahin




***Magdaragat in-edit ni C. E. Gatchalian, Teodoro Alcuitas at Patria Rivera.***

Tampok ang 43 na manunulat, kasama sa anthology ang mga sandali ng kaligayahan, kalungkutan at sakripisyo na hinabi sa nakaraan, kasalukuyan at kinabukasan ng mga Pilipino. Si C.E. Gatchalian ay isang Filipino writer at editor mula sa Vancouver at kasalukuyang nakabase sa Toronto. Si Teodoro Alcuitas ay isang Vancouver editor at ang kasalukuyang publisher ng Philippine Canadian News. Si Patria Rivera ay isang Filipino Canadian writer at poet na nakabase sa Toronto.

***The Secret of the Ravens ni Joanna Cacao.***

Sa The Secret of the Ravens, ang ulilang kambal na sina Elliot at Liza nakibahagi sa Raven Quests — tinutulungan ang message-carrying ravens sa magical tasks na nagbibigay ng coins at riches bilang pabuya, na baguhin ang kanilang tadhana. Si Joanna Cacao ay isang Canadian-Filipino writer at illustrator na nakatira sa Winnipeg.







***Happy Hour** ni Marlowe Granados.*

Ang Happy Hour ay isang nobela tungkol sa dalawang kababaihan na nasa kanilang 20s — sina Isa Epley at kanyang best friend na si Gala — na nag-e-enjoy sa kanilang buhay sa New York City noong tag-init ng 2013. Si Marlowe Granados ay isang writer, filmmaker at podcaster na nakabase sa Toronto.

***Kasama** ni Allan Matudio.*

Ang Kasama ay isang YA comic na kumuha ng inspirasyon mula sa mga karanasan ng artist nang muling kumonekta sa kanyang Filipino heritage. Si Allan Matudio ay isang writer at children's book illustrator na ipinanganal sa Montreal sa mga Pilipinong magulang.







***The Wolf of Oren-Yaro** ni K.S. Villoso*

Ang The Wolf of Oren-Yaro ang unang libro sa high fantasy series na Chronicles of the Wolf Queen. Si K.S. Villoso ay isang B.C.-based speculative fiction writer mula sa Taguig, Philippines.

**ULAT NG CANADA RADIO INTERNATIONAL**

# DATOL ORDER



*Ulat ni Mon Datol*

## VP Sara 'di pa absuwelto - PBBM; Magkakapatid na Duterte utak-pulbura mana sa Ama; Imee 'Sandok ng Senado?'

Bagamat in-archive ng Senado ang impeachment case laban kay VP Sara Duterte dahil sa 'technicalities', hindi pa rin masasabi kung ang anak ni Digong ay absuwelto o' guilty sa kasong corruption na isinampa laban sa kanya.

**Ke PBBM na galing 'to, mga Seniors katropapeeps, ha!**

**********

"There has been no trial. So the merits of the case have not been examined, tried, adjudica¬ted, argued, discussed. So accountability just doesn't come into it," ayon pa kay PBBM sa interview ng media. Sino ngayon nagsasabing...

**Di nakiki-alam si PBBM sa impeachment ni Sara?**

**********

Dugtong pa ng Pangulong Marcos, Jr. ay kailangan din aniyang maunawaan ng taumbayan na ang desisyon ng Korte Suprema ay tumalakay lang sa mga usaping pormal o' procedural sa Kamara ng mga kinatawan at hindi pinagdesisyunan kung tama o mali ang ginawa ng isang indibidwal, dahil ang pag-imbestiga at pagdinig sa kaso ng mga impeachable officials ay ...

**Gawain lamang ng HoR at Senado, eclusively.**

**********

"I keep telling you, the executive has no role in this. The president has no role. I'm an impeachable officer," ayon pa kay Marcos, na muling dumistansya sa proseso ng impeachment, at inamin na may ilang mambabatas na humingi ng kanyang opinyon, na...

**Hindi inaksiyunan ni PBBM hiling mga mambabatas.**

**********

Sa tanong naman kung paano niya haharapin ang mga alegasyon ng korapsyon laban kay Duterte, sagot ng Pangulo,






ipagpapatuloy lang ng CoA ang kanilang trabaho para masagot ang katotohanan tungkol sa...

**Milyones na pera na nawawala sa kaban ng bayan.**

***********

Well, nagdaos umano ng thanksgiving celebration si VP Sara Duterte kasama ang kanyang legal team at ang mga naghain ng petisyon sa Korte Suprema laban sa impeachment complaint nitong Huwebes Agosto 7, sa Davao City kasunod ng pag-archive ng Senado sa impeachment case laban sa kanya. Nagsisimba rin pala si Inday Sara pero nalimutan yata ng anak ni Digong na...

**Pwede pang mabuhay kahit nalibing na ang patay.**

***********

At sabi nga ni Sen. Tito Slotto, sa interview ni Christian Esguerra, ay hindi pa patay impeachment kontra VP Sara at naka-garahe lang yon na pedeng bunutin muli kapag ini-reverse ng SC ang unang ruling nito na walang jurisdiction ang Senado sa Articles of Impeachment kontra Sara dahil nga raw labag sa Konstitusyon ang 4th complaint ng Kamara. Mayruon nga raw...

**Mali sa SC ruling kontra hurisdiksyon ng Senado at Kamara.**

********

Binigyan ng 10 araw ng Korte Suprema si VP Duterte para sagutin o' magbigay ng komento sa MR na isinumite ng Solicitor General para mabaliktad ang desisyon na unconstitutional ang articles of impeachment ng HoR kontra VP Sara, na ibig sabihin ay...

**Posibleng mabaliktad SC ruling at matuloy trial ni VP Sara.**

********

Dismayado naman si House Speaker Ferdinand Martin Romualdez sa aniya'y minadaling desisyon ng Senado na i-archive ang impeachment case ni VP Sara Duterte kahit hindi pa tapos ang usapin sa Supreme Court. "The House acted in good faith, why the rush,"kuwestiyon ni Romualdez.

**Oo nga naman, hane Bossing RollyCab? Me lakad 19 Senators?**

********

Sinabi pa ni Speaker Romualdez na ang im-




***Baste, pamilya lumipad pa-Singapore***

peachment na sinabi ni Senador Alan Peter Cayetano na "patay na" matapos ma-archive, ay hindi pa tapos dahil hindi pa nag-iisyu ng final ruling ang Korte Suprema sa kanilang Motion for Reconsideration.

**Oo nga naman, Sen Peter, naghihingalo pa lang, inilibing mo na.**

********

Magkakapatid talaga sina VP Sara, Cong Pulong at Acting Yorme Baste dahil pare-pares utak-gulo nasa ulo tulad ng kanilang Tatay Digong na ...

**Di na presidente, pero, utak-pulbura pa rin nasa bungo nito.**

********

Gusto ni Sara, 'bloodbath' sa trial ng impeachment niya, pero, ng nag-file na ng Articles of Impeahment ang Kamara sa Senado ay agarang inutusan daw mga abodago niya na kuwestiyunin sa SC ang constitutionality ng 4th Articles on Impeachment, so, agad-agad yari ang ruling pabor ke Inday...

**13-0 desisyon ng SC justices na 12 appointees ni Digong.**

********

Si Acting Yorme Baste, hinamon ng suntukan si PNP Chief General Torre, na tinanggap agad hamon at ipinahanda ang RMSC para sa isang charity boxing fight na lahat kikitain ay ibibigay sa mga sinalanta ng bagyo at habagat sa bansa. Libo dumating sa RMSC, bumili ng tickets, pero...

**Lumipad na pala pa-Singapore si Baste, na-duwag ke General!**

********

At sa sobrang tapang ni Pulong, sinapak at sasaksakin pa sa isang Bar sa Davao ang isang pimp o' bugaw na niya ng matagal na. Takot na takot yong tao. Marami pang nakapaligid na bodyguards ke Pulong ha?

**Ganuon katapang si Cong Ulupong, err, Pulong nga pala.**

********

Anyways, hihintayin po natin ang SC desisyon sa MR na ginawa ng Kamara kung 'papatayin' na talaga ng Korte Suprema ang impeachment ni Sara o' babaliktarin ang kanilang ruling at bunutin sa archive at...

**Ituloy ng Senado ang 'trial' ni VP Sara, pronto! Abangan.**

********

Lalong dumami bashers ni Sen. Imee Marcos matapos magsalita ng mga kabastusan ke House Speaker Martin Romualdez sa pagboto niya ng Yes sa pag-archive ng impeachment kontra VP Sara, na tinawag na Bondying at Dambuhalang Baby ang Speaker of the House at pinapapalitan pang Leader ng HoR. Ang sagot ng mga supporters ni Speaker Martin at mga bashers...

**Sobrang bastos ang Sandok ng Senado**

# JDL GOES DISNEY – A Magical Year-End Celebration

## Presented by the Josie de Leon School or Performing Arts

This year's curtain call couldn't have been more magical as JDL Performing Arts closed out their school year with a dazzling showcase titled "JDL GOES DISNEY" — a heartwarming, high-energy celebration that transported audiences straight into the world of Disney.

Held as a year-end performance, the event featured students of all ages performing beloved Disney numbers with charm, talent, and undeniable joy.

They presented several Disney Movies like Snow White, Aladdin, Lion King , Moana, Encanto- and many more , but each segment brought a fresh burst of energy, creativity, and emotion to the stage.

There was so much talent in one place , but one thing is clear , there was growth and confidence in every student that performed no matter how big and small their roles are .

The choreography was impactful , the vocals impressive, the acting superb — but it was the spirit of the young artists that truly stole the show.

Each performance reflected the hard work, discipline, and passion nurtured throughout the school year by the JDL Performing Arts team.

Parents, families, and friends in the audience were all moved by the showcase overall — some singing along, dancing along and even others were seen wiping away tears of pride.

It was indeed a celebration of not only Disney's timeless magic, but of each student's personal journey through the performing arts.

The Founder of JDL Performing Arts , Miss Josie de Leon says with pure pride -- "JDL GOES DISNEY was more than just a showcase, it was a heartfelt reminder of what happens when young dreamers are given a stage to shine."

As the curtain fell, the thunderous applause said it all, it was a showcase to remember for a very long time.

Congratulations to miss Josie de Leon and JDL Performing Arts Mississauga, Scarborough and Central on their successful year-end performances — we can't wait to see what's next!










# Ang Itinuturo ng Bibliya Tungkol sa Maylalang

"**Ito ang kasaysayan ng langit at lupa noong panahong lalangin ang mga ito**." (Genesis 2:4) Sa pananalitang ito, sinabi ng Bibliya kung paano nagsimula ang ating planeta. Kaayon ba ng siyensiya ang itinuturo ng Bibliya? Tingnan ang ilang halimbawa.

## *Wala bang pasimula ang uniberso?*

Sinasabi sa Genesis 1:1: "Nang pasimula ay nilalang ng Diyos ang langit at ang lupa."

Bago ang mga 1950, maraming kilaláng scientist ang naniniwala na walang pasimula ang uniberso. Pero base sa mga bagong nadiskubre, nakita ng karamihan sa mga scientist na may-roon talagang pasimula ang uniberso

## *Ano ang hitsura ng lupa noon?*

Sinasabi sa Genesis 1:2, 9 na "walang anyo at walang laman" ang lupa noon, at natatakpan ito ng tubig.

Sang-ayon diyan ang mga scientist. Sinabi ng biologist na si Patrick Shih na ang planeta natin noon ay "walang oxygen . . . at kakaiba ang hitsura at anyo." Sabi naman ng magasing Astronomy: "Ipinapakita ng mga bagong pag-aaral na ang planetang Lupa noon ay puro tubig at halos walang lupa."

## *Paano nagbago ang atmospera sa paglipas ng panahon?*

Ipinapakita sa Genesis 1:3-5 na nang magsimulang tumagos ang liwanag sa atmospera, posibleng hindi pa nakikita sa lupa ang pinagmumulan nito. Nang bandang huli lang malinaw na nakita ang araw at buwan mula sa ibabaw ng lupa.—Genesis 1:14-18.

***Hindi itinuturo ng Bibliya na nilalang ng Diyos ang lahat sa loob lang ng anim na araw na may tig-24 na oras***

Sinabi ng Smithsonian Environmental Research Center na malabong liwanag lang ang nakikita noon mula sa lupa. Sinabi nito: "Nababalutan ang Lupa noon ng makapal na fog ng methane." Nang maglaon, "nawala ang fog ng methane at naging asul ang langit."




## *Ano ang pagkakasunod-sunod ng mga nilalang ng Diyos?*

**1—Unang Araw:** Nakatagos ang liwanag sa atmospera ng lupa.—***Genesis 1:3-5***

**2—Ikalawang Araw**: Ang lupa ay natatakpan ng tubig at nababalutan ng makapal na singaw. Ang dalawang elemento na ito ay pinaghiwalay at nagkaroon ng pagitan.—***Genesis 1:6-8***

**3—Ikatlong Araw:** Bumaba ang tubig at lumitaw ang tuyong lupa.—***Genesis 1:9-13***




**4—Ikaapat na Araw:** Nakikita na ang araw at ang buwan mula sa lupa. —Genesis 1:14-19

**5—Ikalimang Araw:** Ginawa ng Diyos ang mga nilalang na nabubuhay sa tubig at ang lumilipad na mga nilalang, at binigyan ang mga ito ng kakayahang magparami ayon sa kanilang uri.—Genesis 1:20-23

**6—Ikaanim na Araw:** Nilalang ang malalaki at maliliit na hayop sa lupa. Natapos ang ikaanim na araw sa paglalang sa unang mag-asawang tao. —Genesis 1:24-31

Sinasabi sa Genesis 1:20-27 na nilalang muna ang mga isda, sumunod ang mga ibon, mga hayop sa lupa, at huli ang mga tao. Naniniwala ang mga scientist na matagal nang umiiral ang mga isda bago pa nagkaroon ng mga mammal, at lumipas pa ang maraming taon bago nagkaroon ng tao.

***Hindi itinuturo ng Bibliya na imposibleng magkaroon ng pagbabago sa mga nilalang sa paglipas ng panahon***

"Maikli lang ang sinabi ng Bibliya, pero kapansin-pansin ang pagkakasuwato ng mga pananalita at pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa Genesis 1 at ng mga tuklas ng modernong siyensiya."—Gerald L. Schroeder, physicist.

## Ano ang Hindi Itinuturo ng Bibliya?

Sinasabi ng ilan na ang Bibliya ay hindi kaayon ng mga natutuklasan ng siyensiya. Pero madalas, nasasabi nila iyon kasi hindi nila naiintindihan kung ano talaga ang itinuturo ng Bibliya.

**Hindi itinuturo ng Bibliya na ang uniberso o ang lupa ay 6,000 taon pa lang umiiral.** Ang sabi lang ng Bibliya, ang lupa at ang uniberso ay nilalang noong "pasimula." (Genesis 1:1) Hindi nito espesipikong sinasabi kung kailan ang pasimulang iyon.

**Hindi itinuturo ng Bibliya na nilalang ng Diyos ang lahat sa loob lang ng anim na araw na may tig-24 na oras.** Ginagamit ng Bibliya ang salitang "araw" para tumukoy sa haba ng panahon. Halimbawa, sinasabi nito na ang paglalang sa ating planeta at sa mga nilikha dito sa loob ng anim na "araw" na binabanggit sa Genesis kabanata 1 ay nangyari "noong araw na gawin ng Diyos na Jehova a ang lupa at langit." (Genesis 2:4) Kaya ang bawat "araw" sa anim na araw ng paglalang kung kailan inihanda ng Diyos ang lupa at ginawa ang mga nilalang na may buhay ay posibleng tumagal nang napakahabang panahon.

**Hindi itinuturo ng Bibliya na imposibleng magkaroon ng pagbabago sa mga nilalang sa paglipas ng panahon.** Sinasabi sa Genesis na nilalang ang mga hayop "ayon sa kani-kanilang uri." (Genesis 1:24, 25) Ang salitang "uri" na ginamit sa Bibliya ay hindi isang termino sa siyensiya, kundi posibleng tumutukoy ito sa malaking grupo ng nabubuhay na mga nilalang. Kaya puwedeng kasama sa isang "uri" ang maraming species o klase ng nilalang. Ipinapakita nito na sa loob ng isang "uri," posibleng magkaroon ng pagbabago sa klase at species na nabubuhay sa isang lugar sa paglipas ng panahon.

## Ano sa palagay mo?

Gaya ng nakita natin, gamit ang simple at tamang mga termino, inilarawan ng Bibliya ang pasimula ng uniberso, ang hitsura ng lupa noon, at kung paano nagsimula ang buhay. Ipinapakilala rin kaya ng Bibliya kung sino ang Isa na lumalang ng mga bagay na iyon? Sinabi ng Encyclopædia Britannica na 'ang buhay ay nagmula sa isa na nakakahigit sa tao, at kaayon ito ng mga natuklasan ng siyensiya.'



# Ano ang Kaharian ng Diyos?

Ito ba ay . . .

- nasa puso ng tao?
- ang makasama ang Panginoon?
- gobyerno sa langit?



## ANG SABI NG BIBLIYA

"*Ang Diyos ng langit ay magtatatag ng isang kaharian na hindi mawawasak kailanman*."—Daniel 2:44, New World Translation.

"*Isang anak na lalaki ang ibinigay sa atin; at ang pamamahala ay iaatang sa balikat niya.*"—Isaias 9:6.

## ANO ANG MAITUTULONG NITO SA IYO?

- ***Personal kang matutulungan ng isang matuwid na gobyerno.***—Isaias 48:17, 18.
- ***Magiging maligaya ka at malusog sa bagong sanlibutan***.

Ganito ang sabi sa Apocalipsis 21:3, 4 -

"*Pagkatapos, narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa trono na nagsasabi: "Tingnan mo! Ang tolda ng Diyos ay nasa sangkatauhan, at maninirahan siyang kasama nila, at sila ay magiging bayan niya. At ang Diyos mismo ay sasakanila.*

*At papahirin niya ang bawat luha sa mga mata nila, at mawawala na ang kamatayan, pati ang pagdadalamhati at ang pag-iyak at ang kirot. Ang dating mga bagay ay lumipas na*."




***Ang Kaharian ng Diyos ay isang gobyerno sa langit. Ito ang papalit sa lahat ng iba pang gobyerno at gagamitin ito ng Diyos para mangyari ang kalooban niya.***

***Alam ni Jesus na ang Kaharian ng Diyos ang tanging gobyerno na may kakayahang itama ang mga problema sa mundo.***

# MAPANINIWALAAN BA NATIN ANG SINASABI NG BIBLIYA?



Oo, sa dalawang dahilan:

• ***Ipinakita ni Jesus kung ano ang gagawin ng Kaharian ng Diyos.*** Tinuruan ni Jesus ang mga tagasunod niya na ipanalanging dumating ang Kaharian ng Diyos at mangyari ang kalooban ng Diyos sa lupa. (Mateo 6:9, 10) Ipinakita ni Jesus kung paano sasagutin ang panalanging iyon.

Nang nasa lupa si Jesus, nagpakain siya ng mga tao, nagpagaling ng mga maysakit, at bumuhay ng mga patay! (Mateo 15:29-38; Juan 11:38-44) Bilang Tagapamahala ng Kaharian ng Diyos, ipinakita ni Jesus kung ano ang gagawin ng Kaharian para sa mga mamamayan nito.—Apo 11:15.

• ***Pinatutunayan ng mga kalagayan sa mundo na malapit nang dumating ang Kaharian ng Diyos.*** Inihula ni Jesus na bago dumating ang Kaharian sa lupa, magkakaroon muna ng mga digmaan, taggutom, at lindol.—Mateo 24:3, 7.

Kitang-kita na natin ang mga kalagayang iyan. Makakaasa tayo na malapit nang wakasan ng Kaharian ng Diyos ang lahat ng ganitong problema.

## PAG-ISIPAN ITO

Ano ang magiging buhay sa ilalim ng pamamahala ng Kaharian ng Diyos? Sinasagot iyan ng Bibliya

***"Ang mga matuwid ang magmamay-ari ng lupa, At titira sila roon magpakailanman."*** -AWIT 37:29

***" Hindi sila magtatayo pero iba ang titira, At hindi sila magtatanim pero iba ang kakain. Dahil ang mga araw ng bayan ko ay magiging gaya ng mga araw ng isang puno, At lubusan silang masisiyahan sa mga gawa ng kanilang mga kamay. Hindi sila magpapagod nang walang saysay, At hindi sila magsisilang ng mga anak na magdurusa, Dahil sila at ang mga inapo nila. Ang mga supling* na pinagpala ni Jehova"*** - I SAIAS 65:21-23

Pls Visit **wwwJW.org**
*Mga karagdagang kaalaman*



***"Ang mga matuwid ang magmamay-ari ng lupa, At titira sila roon magpakailanman."*** -AWIT 37:29







P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

# TALIBA/Flipz Media

## *(Magazine & Social Media Services)*

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

### *"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."*

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

*VISIT **www.talibaflipzmedia.com** or CALL ROLLY : **647-287-1870***